

Pagpapaunlad ng Wika

Ang iyong sanggol ay unang “nakikipag-usap” sa iyo sa pamamagitan ng pag-iyak. Pagkatapos ay natututo siyang gumawa ng mga tunog at ngumiti. Sa paglaon ay magsisimula siyang gumamit ng mga salita.

Unang buwan

- sumasagot kapag ikaw ay nagsasalita
- “nagsasalita” sa pamamagitan ng pangiti, pagtitig at pag-iyak

Ika-2 buwan

- nadidiskubre ang kanyang boses - lumalaguklok, kumukurukotok at humihyaw

Ika-3 buwan

- gumagawa ng mahabang mga tunog ng patinig (“ah”)
- ay may iba’t ibang mga iyak para sa iba’t ibang mga pangangailangan

Ika-4 na buwan

- nagsasalita nang mabilis (“ba-ba”)
- humihyaw
- sinusubukang kopyahin ang mga tunog na iyong ginagawa

Ika-5 buwan

- lumilingon sa taong nagsasalita

Ika-6 na buwan

- gumagawa ng mas mahaba at iba-ibang mga tunog
- sumusubok ng iba’t ibang mga lakas at taas ng tinig
- gumagawa ng mga pumuputok na tunog gamit ang kanyang mga labi at dila
- “kinakausap” ang mga laruan



HUMINGI NG PANGANGALAGA

Ikaw ba ay nag-aalala tungkol sa pag-unlad ng iyong sanggol? Tandaan - bawa’t bata ay natatangi. Ngunit makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ang iyong sanggol ay:

- may isang napakatigas o malambot na katawan
- hindi nanonood ng mga mukha sa 2 hanggang 3 buwan
- ay hindi pangkaraniwan na tahimik at hindi gumagalaw, o hindi mapakali
- hindi tumutugon sa malakas na ingay
- hinahawakan ang kanyang mga kamay sa mahigpit na kamao
- hindi sinusundan ang mga aktibidad ng kanyang mga mata
- hindi ka nakikilala
- hindi gumagawa ng mga ingay
- maraming problema sa pagpapakain



PINAKAMAHALAGANG NATUTUNAN

Kausapin ang iyong sanggol sa lahat ng oras at tumugon tuwing nakikipag-usap siya sa iyo.



ALAM MO BA

Maaari kang makipag-usap sa iyong sanggol sa anumang wika na sa pakiramdam mo ay pinaka komportable ka. Sa katunayan, ang iyong sanggol ay maaaring matuto nang mahigit sa isang wika nang hindi nalilito.



TAGAPAGBUO NG UTAK

- Magbasa, magkuwento at kumanta sa iyong sanggol.
- Kapag pinapaliguan o nilalampinan mo siya, makipag-usap sa kanya tungkol sa iyong ginagawa.
- Subukang hayaan na makita niya ang iyong mukha kapag nagsasalita ka.
- Ulitin at tumugon sa kanyang mga pagkukurukotok at mabilis na pagsasalita.